

DIBISYON NG PAGSUNOD AT PAGPAPATUPAD ABISO SA KAMALAYAN SA KOMUNIDAD

Marso 11, 2026

Radius Recycling

1101 Embarcadero West, Oakland, CA

Noong Marso 11, 2026, naganap ang sunog sa pasilidad ng Radius Recycling na kinasangkutan ng mga plastik na kurtina at kagamitang nauugnay sa enclosure ng shredder. Mabilis na naapula ang apoy sa tulong ng mga tauhan ng pasilidad at ng lokal na departamento ng bumbero.

Naabisuhan ng Radius Recycling ang Distrito ng Hangin matapos maapula ang sunog at tumugon ang mga kawani ng Distrito ng Hangin. Ang sunog ay tumagal nang humigit-kumulang 17 minuto.

Katayuan ng Pasilidad

- Isinara ang shredder kasunod ng sunog at pansamantalang itinigil ng pasilidad ang pagtanggap ng mga bagong materyales.
- Natapos na ang pagkukumpuni sa shredder conveyor at plastik na kurtina at isinagawa ang mga inspeksyon sa shredder at kaugnay na kagamitan.
- Simula Marso 12, bumalik na sa normal na operasyon ang shredder at pasilidad.



Imbestigasyon

Nagpapatuloy ang imbestigasyon ng Distrito ng Hangin sa sanhi ng sunog. Sinusuri ng mga kawani ang impormasyong may kaugnayan sa insidente at tinatasa nito ang pagsunod sa mga naaangkop na kinakailangan.

Nakikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa iba pang ahensya bilang bahagi ng imbestigasyon, kabilang ang California Environmental Protection Agency, Department of Toxic Substances Control, at State Water Resources Control Board. Naabisuhan ang Tanggapan ng mga Serbisyong Pang-emergency ng Gobernador ng California (California Governor's Office of Emergency Services, Cal OES) (Sanggunian #26-1199).

Hindi nakatanggap ang Distrito ng Hangin ng anumang reklamo sa kalidad ng hangin kaugnay ng insidenteng ito. Patuloy na susuriin ng Distrito ng Hangin ang insidente at tutukuyin nito kung may naganap na anumang paglabag.